



Women in Informal Employment:
Globalizing and Organizing

HO *Women* enet
South-East Asia

Photo by Paula Bronstein/Getty Images Reportage

Tungo sa Pagsaklaw sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Lahat para sa mga Manggagawa sa Bahay sa Timog-Silangang Asya

2019

HomeNet

Timog-Silangang Asya

Isa ng boses ng pagsusog ang Pagsaklaw sa Pangangalagang Pangkalusugan Para sa Lahat para sa kilusan ng pandaigdig na kalusugan at ngayon ay opisyal nang isinama sa Sustainable Development Goal ng Nagkakaisang mga Bansa 3.8: Makamit ang Pagsaklaw sa Pangangailangang Pangkalusugan para sa Lahat, kabilang ang proteksyon sa pinansyal na panganib, makakuha ng de-kalidad na mahahalagang serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan at makakuha ng ligtas, epektibo, de-kalidad at abot-kayang mahahalagang gamot at bakuna para sa lahat. Ang malaking hamon para sa mga pamahalaan sa buong mundo ay siguruhin na naaabot ng UHC ang mga manggagawang impormal, na bumubuo sa mahigit 60 porsiyento ng pandaigdigang manggagawa at nasa mas mataas na panganib ng kahirapan kaysa sa mga manggagawang nasa pormal na ekonomiya.

Ang mga manggagawa sa bahay, na nagtatrabaho upang gumawa ng mga kalakal sa sarili nilang mga tahanan, ay partikular na mahinang sektor ng manggagawang impormal. Ang mga kita ay mababa, at ang trabaho ay nakabukod at madalas ay hindi nakikita. Karamihan sa mga manggagawa ay mga babae na pabagu-bago ang sahod sa kinikita sa pangangalaga at responsibilidad sa komunidad.

Ang pag-akses sa de-kalidad na mga serbisyo sa kalusugan para sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya ay mahalaga sa pagpapanatili ng kanilang mga kabuhayan, ngunit madalas ay patuloy silang nahuhulog sa mga bitag ng sistemang pangkalusugan—pagkakaroon ng malaking kita upang maging kwalipikado para hindi mapabilang sa bayarin sa kalusugan subalit hindi kabilang sa mga planong pangkalusugan para sa pormal na pagtatrabaho.

Ang pagbubukod na ito ay may panlipunan at pangkabuhayan na kahihinatnan o epekto. Maaaring maantala ang paghahanap ng pangangalagang pangkalusugan ng mga manggagawa sa bahay dahil sa mga kaakibat na gastos, na tiyak na nangangahulugang maging malubha ang kanilang pagkakasakit para makapagtrabaho at mawalan ang mga pamilya ng mahalagang pinagkukunan ng kita. Kapag nakaranas sila o ang mga miyembro ng kanilang pamilya ng biglaang pangangailangang medikal, dapat gumastos ng pera ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, na nangangahulugang hindi sila makabibili ng mahalagang mga kagamitang panangkap na kailangan upang mapanatili ang kanilang kita. Mas matindi rito ang nararanasan ng mga babaeng manggagawa dahil sa kanilang hindi pantay na responsibilidad sa pangangalaga sa mga anak, sa may sakit, at sa matatanda ng sariling mga sambahayan na halos karaniwan ay hindi binabayaran.

Ang magandang balita sa Timog-Silangang Asya, kung saan ang impormal na trabaho ay binubuo ng halos 80 porsiyento ng kabuuang nagtatrabaho^[1], ay kinikilala na ng mga pamahalaan ang problema at sila ngayon ay nagsasagawa ng mga mahahalagang hakbang tungo sa pagsaklaw ng UHC sa mga manggagawang impormal. Halimbawa:

Ang **Cambodia** ay nangakong makakamit ang pagkakaroon ng UHC sa 2025 sa pambansang target nito. Noong 2018 ilan sa mga grupong nagtatrabaho — mga katulong sa bahay, mga magbubukid, mga drayber ng tuk tuk at mga nagtitinda sa kalye na kaanib sa nakarehistrong mga samahan — ang isinama sa **Health Equity Fund**, na nagbibigay ng libreng pangangalagang pangkalusugan para sa mahihirap.

Noong 2014, inilunsad ng **Indonesia** ang **Jaminan Kesehatan Nasional (JKN)**, isang pamamaraan ng paseguro sa kalusugan na mandatong saklaw ang mga manggagawang impormal. Kaugnay sa JKN ay ang **Kartu Indonesia Sehat (KIS)** na isang libreng “health insurance card” para sa mga taong hindi kayang magbayad ng paseguro sa kalusugan. Ang ilan sa mga grupong nagtatrabaho sa impormal na ekonomiya ay itinuturing na lalong mas walang kakayahan (o vulnerable), tulad ng maliliit na mga magsasaka at mangingisda na may akses na ngayon sa KIS card. Sumulong na rin ang Indonesia sa pagpapalawig ng mga serbisyong pangkalusugan sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng inisyatibang Occupational Health Posts (Pos-UKK) nito na nakatuon sa pagsusulong ng kalusugan sa lugar na pinagtatrabahuhan at pagsasanay, pagkilala sa peligro, at medikal na mga pagsusuri ng mga manggagawa. Layunin ng pamahalaan na ipakilala ang isang himpilan ng POS-UKK sa bawat tatlong pangunahing lugar sa pangkalusugan.

Ipinakilala ng **Laos** ang kanilang **National Health Security Fund** na pinansiyal na tumutulong sa pangangalagang pangkalusugan para sa mahihirap sa pamamagitan ng paglalagay ng limitasyon sa halagang sinisingil ng mga pasilidad pangkalusugan sa mga pangunahing yunit pangkalusugan at ospital. Ito ay isang positibong hakbang tungo sa layunin ng pamahalaan na ipatupad ang plano ng pambansang paseguro sa kalusugan batay sa buwis upang saklawin ang mahihirap at manggagawang impormal. Bukod dito, ang **National Social Security Fund** ay bukas na ngayon para sa mga manggagawang impormal kabilang ang benepisyong sa kalusugan, na may akses sa mga benepisyong katulad ng mayroon sa mga pormal na manggagawa para sa kontribusyong katumbas ng 9 na porsiyento ng pinakamababang sahod.

Isinabatas sa **Pilipinas** ang Pagsaklaw sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Lahat noong Pebrero 2019 na magbubukas sa mga bagong panggagalingan ng pondo para sa **PhilHealth**, ang pamamaraan ng pambansang paseguro sa kalusugan ng bansa. Ang mga bagong panggagalingan ng pondo ay magmumula sa mga sin tax (buwis na ipinapataw sa mga produktong alak at sigarilyo sa bansa) at iba pang pangkalahatang buwis na nagpapahintulot para sa mga libreng serbisyo ng panggagamot, bayad sa konsulta at medikal na mga pagsusuri na isasama sa pamamaraan ng mga benepisyong.

Ang **Thailand** ay matagal nang nangunguna sa UHC sa sub-rehiyon na may **plano ng Universal Coverage (UC)** na pinopondohan ng buwis na naglalaan ng libreng pangangalagang pangkalusugan para sa lahat. Ang pamamaraang UC ay kapuri-puri rin dahil sa katangian ng pakikilahok nito — ang mga samahan/organisasyon ng Taumbayan o People’s Organizations ay kumakatawan sa lahat ng antas ng plano mula sa lupon na gumagawa ng Patakaran hanggang sa ibaba. Ang mga Pondo Pangkalusugan sa Lokal na Antas ay nagpapahintulot din sa mga organisasyon ng Taumbayan na gamitin ang sarili nilang pondo upang magpatakbo ng mga gawain sa pagsusulong ng kalusugan. Noong 2018, 26 na mga organisasyon ng mga manggagawang impormal) ang naging matagumpay sa pagkuha ng pondo para sa mga gawain sa pagsusulong ng kalusugan ng mga manggagawa.

1 Ang mga datos na ito ay para sa Silangan at Timog-Silangang Asya (hindi kabilang ang Tsina), mula sa nilalaman ng pinakabagong mga estatistiko (istadistika) ng ILO sa mga Kababaihan at Kalalakihan sa Hindi Pormal na Ekonomiya: Ang Pang-estatistikong (Ang Pang-istadistikang) Litrato (2018).

Anong magagawa ng mga pamahalaan sa Timog-Silangang Asya upang siguruhin ang mas malaking saklaw para sa mga manggagawa sa bahay?

CAMBODIA



- Siguruhin na ang domestikong pagpopondo para sa Health Equity Fund ay makukuha sa oras na matapos ang suporta ng donor sa 2022.
- Palawakin ang pandaigdig na akses sa Health Equity Fund para sa lahat ng grupo ng mga manggagawang impormal kabilang ang mga manggagawa sa bahay ayon sa mga probisyon ng National Social Protection Policy Framework.
- Kumilos tungo sa mas komprehensibong pakete ng mga benepisyo sa ilalim ng Health Equity Fund, upang makapag-alok ito ng parehong mga benepisyong mayroon sa ilalim ng National Social Security Fund, kabilang ang pagsaklaw para sa sakit at pinsalang nauugnay sa trabaho.
- Alisin ang kinakailangang taunang pagpapanibago ng mga Health Equity Fund card, na naglalagay ng labis na kahirapan sa mga manggagawang impormal.

INDONESIA



- Isama ang mga manggagawa sa bahay at iba pang mga mahinang grupo ng kababaihang manggagawa sa KIS card.
- Tiyakin ang mas malawak na implementasyon ng inisyatibang POS-UKK at ilakip ang badyet sa pagpapatakbo sa mga estasyong iyon na hindi pa napopondohan.
- Isulong ang kamalayan sa inisyatibang POS-UKK sa mga pangunahing organisasyon ng mga manggagawang impormal at bumuo ng pamamaraan para makipagtulungan sa mga organisasyong ito sa paraan ng pakikilahok.

LAOS



- Palawakin ang pagsasama ng mga manggagawang impormal sa National Health Security Fund at bawasan ang bilang ng mga dokumentong kailangan upang ma-akses ang plano.
- Siguruhin na ang domestikong pagpopondo ay magagamit para sa Pondo bukod sa paunang yugto na pinondohan ng donor.
- Baguhin ang 9 na porsiyentong pambansang kontribusyon sa pinakamababang sahod mula sa mga manggagawang impormal na kailangang sumali sa National Social Security Fund. Ang mga manggagawa sa pormal na sektor ay tumatanggap ng tulong mula sa kanilang mga employer, at kung kaya 5.5 porsiyento lamang ang inaambag mula sa kanilang kita. Hindi dapat mag-ambag nang higit dito ang mga manggagawang impormal. Ang kuwenta ng kontribusyon ay dapat isagawa mula sa tantiya ng karaniwang kita sa impormal na ekonomiya, hindi mula sa pinakamababang sahod na mas mataas sa kinikita ng mga manggagawang impormal.
- Ipalaganap nang mas maayos ang impormasyon tungkol sa National Health Security Fund at sa National Social Security Fund, upang malaman ng mga manggagawang impormal na umiiral ang mga ito.



PHILIPPINES

- Siguruhin na ang mga kontribusyon ng PhilHealth para sa mga manggagawang impormal ay mas natutulungan nang malaki sa pamamagitan ng mga bagong panggagalingan ng pondo. Ang halaga ng mga kontribusyon ay tuloy-tuloy na tumaas sa nakaraang mga taon kung kaya nahihirapan ang mga manggagawang impormal na mabayaran ito.
- Isama ang mga organisasyon ng Taumbayan sa loob ng istruktura ng pamamahala ng planong pangkalusugan. Ang pagbibilang sa mga organisasyon ng Taumbayan ay ipinag-utos sa ilalim ng dating Batas sa National Health Insurance subalit hindi isinama sa bagong Batas ng UHC.



THAILAND

- Patuloy na maging pare-pareho sa pagsuporta sa unibersalismo at pampublikong pamumuhunan sa mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan.
- Sumulong tungo sa mas malaking pagkakapantay-pantay sa paggastos at mga benepisyo sa pagitan ng mga planong UC, Social Security Scheme para sa mga pormal na manggagawa, at pondo sa kapakanan ng mga empleyado ng gobyerno.
- Siguruhin ang mas malaking pagtutuon sa pag-iingat sa kalusugan, kabilang ang mga serbisyo sa kalusugan ng manggagawa para sa mga manggagawang impormal.

Ang HomeNet South-East Asia ay humihiling sa mga miyembrong estado ng ASEAN na ipagbigay-alam ang profile ng UHC sa loob ng mga adyenda ng kanilang Pambansang Patakaran alinsunod sa Pahayag ng Pagpapatibay ng Proteksyon ng ASEAN na kailangan para sa sama-samang pagpapabilis ng pag-unlad tungo sa UHC sa lahat ng mga miyembrong estado ng ASEAN.

Ang HomeNet South-East Asia ay isang pang-sub-rehiyong network ng mga organisasyon ng mga manggagawa sa bahay sa Timog-Silangang Asya) na nakabatay sa pagiging miyembro na matatagpuan sa Cambodia, Indonesia, Pilipinas, Laos at Thailand. Naglalayon itong pahintulutan ang organisadong mga manggagawa sa bahay na malayang magpatakbo at mangasiwa ng mga organisasyon at network ng tinutustusan ang sarili sa pambansa at pang-sub-rehiyong mga antas. Noong 2018 ang mga miyembro ng HomeNet South-East Asia ay sumang-ayon na magsaayos ng Universal Health Coverage. Naniniwala ang HomeNet South-East Asia na upang tiyak na makabilang ang mga manggagawang impormal, ang sumusunod na mga simulain ay dapat ilapat:

- **Unibersalismo:** Lahat ng tao sa loob ng tinukoy na bansa ay kinakailangang sakop, kabilang ang mga manggagawang impormal, sila man ay mamamayan o hindi.
- **Katarungan sa Pamantayan:** Bawat isa ay dapat magkaroon ng akses sa parehong pamantayan ng pangangalagang pangkalusugan, at ang parehong antas ng paggastos ng estado ay dapat ilapat sa lahat.
- **Pampublikong Pananalapi:** Ang kabilang na mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay nangangailangan ng malaking pondo ng publiko.
- **Komprehensibo at Makatarungang Mga Pakete ng mga Benepisyo:** Lahat ng sakit ay kinakailangang sakop, na may matibay na pagtutuon sa pampigil at tagapagsulong ng kalusugan, kabilang ang mga suliranin sa kalusugang nauugnay sa trabaho, at sekswal at reprodiktibong kalusugan. Dapat makatuwiran ang paggamit ng gamot upang mabawasan ang maaksayang paggasta.
- **Pakikilahok na Pamamahala:** Dapat bigyang-daan upang maging bahagi ng istruktura ng pamumuno sa planong pangkalusugan.

Mga Kababaihan sa Impormal na Pagtatrabaho: Ang Women in Informal Employment Globalizing and Organizing o WIEGO, ay isang pandaigdig na samahan na nakatuon sa pagtiyak ng mga kabuhayan para sa mahihirap na nagtatrabaho, lalo na sa mga kababaihang manggagawa sa impormal na ekonomiya. Naniniwala kami na lahat ng mga manggagawa ay dapat magkaroon ng pantay na pang-ekonomiyang oportunidad at mga karapatan. Lumilikha ang WIEGO ng pagbabago sa pamamagitan ng pagtatatag ng kakayahan sa mga organisasyon ng mga manggagawang impormal, na pinalalawak ang batayang kaalaman tungkol sa impormal na ekonomiya at iniimpluwensiyahan ang lokal, pambansa at pandaigdig na mga patakaran. Bisitahin ang www.wiego.org.